



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-3 ng Oktubre, 2025

Ang mga Balota ay Ipapadala sa mga Rehistradong Botante para sa Espesyal na Eleksyon sa Nobyembre

Mahigit 2 milyon na balota ang ipinadala sa mga rehistradong botante sa County para sa [Ika-4 ng Nobyembre espesyal na eleksyon](#). Dapat matanggap ng mga rehistradong botante ang kanilang balota sa linggo ng Lunes, Ika-6 ng Oktubre, ang ilang mga botante ay maaaring makatanggap ngayong katapusan ng linggo. Kasama rin sa opisyal na pakete ng balota ang isang "Bumoto Ako" na sticker.

Ang mga botante sa buong estado ay magpapasya kung aaprubahan ang Proposisyon 50, isang pag-amyenda sa Konstitusyon ng Estado na may kinalaman sa muling-pagdidistributo. Maaari kayong matuto nang higit pa tungkol sa proposisyong ito sa [Gabay ng Impormasyon para sa Botante ng California \(English Lamang\)](#).

Ang mga botante na naninirahan sa Ika-2 Distrito ng Konseho ng Lungsod ng Poway ay magkakaroon ng karagdagang katanungan sa kanilang balota. Ang mga botante ng Ika-2 Distrito ng Poway ay magpapasya kung aalisin sa katungkulan ang kanilang nahalal na representante sa konseho ng lungsod. Tanging ang mga botante na nakatira sa Ika-2 Distrito ng Konseho ng Poway ang maaaring bumoto para sa kontest na ito. Kung hindi ka sigurado kung nakatira ka sa distrito, maaari mo itong tingnan sa [sdvote.com](#).

Maaari kayong bumoto sa bahay at ibalik ang inyong binotohang balota sa pamamagitan ng koreo – hindi na kailangan ng selyo – o ihulog ito sa alinman sa mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro simula Martes, Ika-7 ng Oktubre, hanggang sa pinal na araw ng pagboto sa Martes, Ika-4 ng Nobyembre. Bisitahin ang [sdvote.com](#) para sa listahan ng mga lokasyon at oras ng operasyon.

Tandaan na pirmahan at petsahan ang inyong sobrang pagbabalik ng balota. Kailangan ninyong pirmahan ang sobrang pagbabalik upang ang inyong boto ay mabilang.

Ang mga botanteng nagbabalik ng kanilang balota sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring i-track ito sa pamamagitan ng pag-sign up para sa "[Nasaan ang Aking Balota?](#)".

Ang maagang pagboto ay magsisimula sa Lunes, Ika-6 ng Oktubre, sa [opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa, na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, San Diego](#). Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN

Ika-3 ng Oktubre, 2025

hanggang Biyernes. Gayunpaman, hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na samantalain ang kaginhawahan ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Kung nais ninyong bumoto nang personal, samantalain ang maagang pagboto. Simula Sabado, Ika-25 ng Oktubre, ang [piling mga vote center](#) sa buong county ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Simula Sabado, Ika-1 ng Nobyembre, lahat ng vote center ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Sa pinal na araw ng pagboto, Ika-4 ng Nobyembre, lahat ng vote center, opisyal na ballot drop box at ang opisina ng Tagapagrehistro ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa [espesyal na eleksyon sa Nobyembre](#) sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTY**NEWS**CENTER   